11	12	13

14	15

## Gawaing-bahay

Tuklasin ang nakatagong larawan. Gamitin ang panuntunan sa ibaba sa pagkukulay ng **addends** para sa ibinigay na bilang.



10 - ASUL

8 - DILAW

6 - ITIM

9 - KULAY TSOKOLATE

7 - PULA

# Pagdaragdag ng Dalawang Tig-Isahang Bilang na ang Kabuuan ay Hanggang 18 na Ginagamit ng Ayo o Kakaniyahan ng Zero sa Pagdaragdag

## Pampasiglang Gawain

**Suliranin 1:** Inutusan ng nanay sina Grace at Jasmine na mamitas ng bulaklak sa hardin. Sinabihan niya si Grace na pulang rosas ang pitasin at puti naman ang kay Jasmin. Walang nakitang puting rosas si Jasmine kaya wala siyang napitas. Ilan lahat ang napitas nilang bulaklak?



Ibigay ang kabuuan ng sumusunod at pangatuwiranang inyong sagot.

a.  $9 + 0$

c.  $0 + 7$


b.  $4 + 0$

d.  $0 + 6$


Pansinin na ang  $9 + 0 = 9$ ,  $4 + 0 = 4$ ,  $0 + 7 = 7$ , at  $0 + 6 = 6$ . Kung gayon, anumang bilang na dagdagan ng **zero** ay iyon ding bilang na iyon ang sagot.

Ang kabuuan ng 0 at ng anumang bilang ay ang bilang mismo.

**Suliranin 2:** Ipagpalagay na noong sumunod na linggo ay namulaklak na ang puting rosas. Kung inutusan ng nanay si Grace na mamitas ng 8 pulang rosas at si Jasmine ng 7 puting rosas, ilan ang bulaklak na mapipitas nila?



$$8 \text{ pulang rosas} + 7 \text{ puting rosas} = 15 \text{ rosas}$$



$$7 \text{ puting rosas} + 8 \text{ pulang rosas} = 15 \text{ rosas}$$

Kung mayroon tayong 8 puting rosas at 7 puting rosas, mayroon tayong kabuuang 15 rosas. Kaya isinusulat natin na  $8+7=15$ .

Gayundin naman, kung mayroon tayong 7 puting rosas at 8 pulang rosas, mayroon tayong kabuuang 15 rosas, kaya isinusulat natin na  $7+8 = 15$ .

Ang pagpapalit ng ayos ng **addends** ay hindi nagbabago ng kabuuan.

## Pagsasanay 1

A. Isulat sa patlang ang tamang sagot:

1.  $19 + 0 = \underline{\quad}$

2.  $12 + 0 = \underline{\quad}$

3.  $0 + 13 = \underline{\quad}$

4.  $7 + 0 = \underline{\quad}$

5.  $13 + 0 = \underline{\quad}$

B. Isulat sa kahon ang nawawalang bilang.

1.  $18 + \square = 18$

2.  $0 + 15 = \square$

3.  $\square + 0 = 16$

4.  $8 + 0 = \square$

5.  $\square + 17 = 17$

## Pagsasanay 2

A. Isulat sa kahon ang nawawalang bilang.

1.  $16 + \square = 2 + 16$

6.  $\square + 13 = 13 + 7$

2.  $\square + 11 = 11 + 7$

7.  $4 + 14 = \square + 4$

3.  $4 + 14 = \square + 4$

8.  $7 + \square = 9 + 7$

4.  $12 + 6 = 6 + \square$

9.  $\square + 12 = 12 + 5$


5.  $3 + 15 = 15 + \square$

10.  $15 + 7 = 7 + \square$


## Gawaing-bahay

Isulat ang nawawalang pamilang na pangungusap sa patlang.


1.




2.




3.



4.



5.





# Pagdaragdag ng Tatlo-Isahang Bilang nang Pahalang at Patayo na may Kabuuang 18 Gamit ang Kaayusan at Katangiang Pagpapangkat sa Pagdaragdag

## Pampasiglang Gawain

Suliranin

Para sa ikagaganda ng Mathematics na hardin, ang mga namumuno sa Mathematics Club ay nagtanim ng mga halamang namumulaklak, 9 na gumamela, 4 na rosas at 5 santan. Ilan lahat ang itinanim na halaman?





## Pagsasanay 1

Gumamit ng mga panaklong upang ipakita ang pagpapangkat ng **addends** at hanapin ang kabuuang sagot.

$$1. 3 + (7 + 5) = \underline{\quad}$$

$$6. (4 + 7) + 5 = \underline{\quad}$$

$$2. (2 + 8) + 6 = \underline{\quad}$$

$$7. 5 + (9 + 4) = \underline{\quad}$$

$$3. 7 + (6 + 5) = \underline{\quad}$$

$$8. (6 + 2) + 10 = \underline{\quad}$$

$$4. (5 + 3) + 10 = \underline{\quad}$$

$$9. 5 + (4 + 6) = \underline{\quad}$$

$$5. 6 + (4 + 8) = \underline{\quad}$$

$$10. (3 + 9) + 6 = \underline{\quad}$$

## Pagsasanay 2

Isulat ang nawawalang bilang.

$$1. (9 + 3) + 6 = \underline{\quad} + (3 + 6)$$

$$2. (7 + 5) + 4 = \underline{\quad} + (5 + 4)$$

$$3. 8 + (9 + 1) = (\underline{\quad} + 9) + 1$$

$$4. 3 + (10 + 4) = (3 + \underline{\quad}) + 4$$

$$5. 7 + (2 + \underline{\quad}) = 7 + (6 + 2)$$

$$6. (5 + 8) + \underline{\quad} = 5 + (4 + 8)$$

$$7. 4 + (\underline{\quad} + 6) = (4 + 8) + 6$$

$$8. \underline{\quad} + (1 + 5) = (9 + 1) + 5$$

$$9. (8 + 3) + 5 = 5 + (3 + \underline{\quad})$$

$$10. 7 + (\underline{\quad} + 2) = 6 + (2 + 7)$$

## Gawaing-bahay

Kuhanin ang kabuuan. Pagkatapos, paghambingin at ipaliwanag ang sagot sa iba't ibang letra ng bawat bilang.

1. a.  $(4 + 6) + 2 =$  \_\_\_\_\_

b.  $4 + (6 + 2) =$  \_\_\_\_\_

c.  $\begin{array}{r} 4 \\ 6 \end{array} \} \longrightarrow$  \_\_\_\_\_

+  $2 \longrightarrow$  \_\_\_\_\_

d.  $4 \longrightarrow$  \_\_\_\_\_

$\begin{array}{r} 6 \\ 2 \end{array} \} \longrightarrow$  \_\_\_\_\_

2. a.  $7 + (9 + 3) =$  \_\_\_\_\_

b.  $(7 + 9) + 3 =$  \_\_\_\_\_

c.  $\begin{array}{r} 7 \\ 9 \end{array} \} \longrightarrow$  \_\_\_\_\_

+  $3 \longrightarrow$  \_\_\_\_\_

d.  $7 \longrightarrow$  \_\_\_\_\_

$\begin{array}{r} 9 \\ 3 \end{array} \} \longrightarrow$  \_\_\_\_\_

3. a.  $15 + (6 + 8) =$  \_\_\_\_\_

b.  $(15 + 6) + 8 =$  \_\_\_\_\_

c.  $15 \longrightarrow$  \_\_\_\_\_

$\begin{array}{r} 6 \\ + 8 \end{array} \} \longrightarrow$  \_\_\_\_\_

d.  $\begin{array}{r} 15 \\ 6 \end{array} \} \longrightarrow$  \_\_\_\_\_

$+ 8 \longrightarrow$  \_\_\_\_\_

4. a.  $(20 + 9) + 7 =$  \_\_\_\_\_

b.  $20 + (9 + 7) =$  \_\_\_\_\_

c.  $\begin{array}{r} 20 \\ 9 \end{array} \} \longrightarrow$  \_\_\_\_\_

$+ 7 \longrightarrow$  \_\_\_\_\_

d.  $20 \longrightarrow$  \_\_\_\_\_

$\begin{array}{r} 9 \\ + 7 \end{array} \} \longrightarrow$  \_\_\_\_\_

5. a.  $15 + 28 =$  \_\_\_\_\_

b.  $28 + 15 =$  \_\_\_\_\_

c.  $15 + 28 = 28 +$  \_\_\_\_\_

# Paggamit ng Expanded Form/ Mahabang Pamamaraan sa Pagpapaliwanag ng Kahulugan ng Pagdaragdag

## Pampasiglang Gawain



Bumili si nanay ng 2 tray ng itlog. May 12 itlog ang laman ng isang tray at ang isa naman ay 24 ang laman. Ilan lahat ang itlog?

## Paglutas 1: Paggamit ng **Counters**

Gamitin ang **counters** para sa bilang ng itlog.  
Bumilang ng 12 patpat. May 36 na patpat lahat,  
kaya  $12 + 24 = 36$  na itlog.

## Paglutas 2: Sa pamamagitan ng pagbilang

Bumilang pa ng 12 pagkatapos ng 24. Ang mga  
ito ay 25, 26, 27, 28, 29, 30, 31, 32, 33, 34, 35, 36.  
Kaya may 36 na itlog. Kaya  $12 + 24 = 36$  na itlog.

## Paglutas 3: Sa pamamagitan ng paggamit ng **expanded form** ng bilang

Kapag pinagbukod sa sampuan at isahan, ang  
**expanded form**/mahabang pamamaraan sa  
pagdaragdag ng 12 ay  $10 + 2$  at ang **expanded  
form** ng 24 ay  $20 + 4$ . Kaya,

$$\begin{aligned}12 + 24 &= (10 + 2) + (20 + 4) \\(10 + 2) + (20 + 4) &= (10 + 20) + (2 + 4) \\(10 + 20) + (2 + 4) &= 30 + 6 \\30 + 6 &= 36\end{aligned}$$

Kaya,  $12 + 24 = 36$ .

## Pagsasanay 1

Isulat ang **expanded form** ng bawat bilang.

- |    |    |     |    |
|----|----|-----|----|
| 1. | 18 | 6.  | 61 |
| 2. | 30 | 7.  | 78 |
| 3. | 35 | 8.  | 80 |
| 4. | 48 | 9.  | 92 |
| 5. | 54 | 10. | 99 |

## Pagsasanay 2

Sagutan.

- |    |           |     |           |
|----|-----------|-----|-----------|
| 1. | $25 + 4$  | 6.  | $50 + 29$ |
| 2. | $43 + 12$ | 7.  | $78 + 20$ |
| 3. | $34 + 13$ | 8.  | $44 + 54$ |
| 4. | $52 + 37$ | 9.  | $83 + 10$ |
| 5. | $65 + 21$ | 10. | $93 + 5$  |

## Gawaing-bahay

1. Sagutan ang mga suliranin sa ibang pamaraan.

Nagdala si Maria ng 33 kahel samantalang nagdala naman si John ng 56.

Ilan lahat ang dinala nilang kahel.

2. Bumuo ng sariling suliranin at sagutan ito nang wasto.




# Pagdaragdag ng mga Bilang na ang Kabuuan ay hanggang 99 na Walang Pagpapangkat

## Pampasiglang Gawain

Suliranin:

Bumili ang nanay ng 24 na pulang lobo at 15 asul na lobo para sa kaarawan ng kaniyang anak na babae. Ilan lahat ang biniling lobo ng nanay?

Sa pamamagitan ng pagdrowing, isa itong paraan upang makuha ang sagot:



Sa pamamagitan ng pagbilang sa lobo na nasa loob ng parisukat malalaman natin na may 39 na lobo. Kaya, 39 na lobo lahat ang binili ng nanay.

Makukuha rin ang sagot na 39 sa pamamagitan ng mahaba at maikling pamaraan. Makikita ang pamamaraan sa ibaba:






1 yunit



sa 1 haba ay 10 yunit:  
1 haba = 10 yunit

1 sampung yunit



3 sampuan 9 isahan

May 30 yunit sa 3 haba. Kaya may 39 na yunit. Ngayon,  $24 + 15 = 39$  na maaaring isulat ng tulad nito:

$$\begin{array}{r} 24 \\ + 15 \\ \hline 39 \end{array}$$

Makukuha rin ang sagot sa pamamagitan ng pagsasama ng mga bilang na nasa sampuang yunit.

- isulat ang dalawang bilang ng patayo o hanay
- pagsamahin ang mga bilang na nasa isahang yunit, isulat ang sagot sa ilalim ng linya sa tapat ng isahang yunit
- pagsamahin ang mga bilang na nasa sampuang yunit, isulat ang sagot sa ilalim ng linya sa tapat ng sampuang yunit

Halimbawa:

Hanapin ang kabuuan  $64 + 32$

Paglutas:

$$\begin{array}{r} 64 \\ + 32 \\ \hline 96 \end{array} \leftarrow \text{Addition line}$$

## Pagsasanay

A. Sagutan ang sumusunod na pamilang na pangungusap gamit ang mahaba at maikling pamamaraan.

- |                                  |                                  |
|----------------------------------|----------------------------------|
| 1. $32 + 26 = \underline{\quad}$ | 6. $63 + 36 = \underline{\quad}$ |
| 2. $27 + 30 = \underline{\quad}$ | 7. $27 + 32 = \underline{\quad}$ |
| 3. $38 + 44 = \underline{\quad}$ | 8. $30 + 40 = \underline{\quad}$ |
| 4. $59 + 11 = \underline{\quad}$ | 9. $54 + 45 = \underline{\quad}$ |
| 5. $46 + 32 = \underline{\quad}$ | 10. $6 + 41 = \underline{\quad}$ |

B. Sagutan ang mga pamilang na pangungusap na nasa itaas gamit ang tinalakay na pamaraan sa pagdaragdag ng mga dalawang bilang na may pagpapangkat.

## Gawaing-bahay

- Sumulat ng dalawahang bilang na ang kabuuan ay 99. Ihambing ang sagot mo sa sagot ng katabi mo Ano ang nakita mo?
- Isulat ang mga bilang na 1, 2, 3, at 4 sa mga puwang upang makuha ang:
  - Pinakamataas na sagot

$$\begin{array}{r} \square \square \\ + \square \square \\ \hline \end{array}$$

- Pinakamababang sagot

$$\begin{array}{r} \square \square \\ + \square \square \\ \hline \end{array}$$

# Pagdaragdag ng mga Bilang na ang Kabuuan ay Hanggang 99 na Gumagamit ng Pagpapangkat

## Pampasiglang Gawain


Nagpunta sa hardin sina Betty at Beth.

Pumitas ng 24 na bulaklak si Betty.

18 bulaklak naman ang pinitas ni Beth. Inilagay nila ang lahat ng bulaklak sa isang plorera. Ilan lahat ang bulaklak sa plorera?

8

Paglutas: Paggamit ng pinahaba at pinaikling paraan



### Steps:

1. Pagsamahin ang mga bilang.  
 $4 \text{ yunit} + 8 \text{ yunit} = 12 \text{ yunit}$   
Paghatiin ang mga yunit na sampuan at yunit na isahan  
Ang 12 ay 1 sampu at 2 isahan.

2. Pagkatapos, pagsamahin ang nasa sampung yunit

$$+ \begin{array}{|c} 1 \\ 2 \\ 1 \end{array} \begin{array}{l} 4 \\ 8 \end{array} \longrightarrow$$


---


$$\begin{array}{l} 4 \\ 2 \end{array}$$

1 sampu dagdagan ng 2 sampu at dagdagan ng 1 sampu ay 4 na sampu o di kaya ay 40 sa sampuang yunit (**remember 1 long = 10 units**).

kaya,  $40 + 2$  isahan ay 42

o  $24 + 18 = 42$  na maaaring isulat ng

$$+ \begin{array}{r} 24 \\ 18 \\ \hline 42 \end{array}$$

kaya, may 42 bulaklak sa plorera.

Ang iba pang paraan ng paglutas sa suliranin ay,

$$+ \begin{array}{r} 1 \\ 24 \\ 18 \\ \hline 42 \end{array}$$

kaya, may 42 bulaklak sa plorera,

Tandaan:

Sa pagsasama-sama ng dalawang bilang na may pagpapangkat,

- isulat nang papangkat ang addends.
- pagsamahin muna ang mga bilang sa isahang yunit at pangkatin ang sagot sa sampuan at isahang yunit.
- pagkatapos, pagsamahin ang mga bilangna nasa sampuang yunit.

## Pagsasanay 1

- Sagutan gamit ang maikli at mahabang pamaraan.
  - $24 + 37 = ?$
  - $46 + 35 = ?$
  - $43 + 39 = ?$
  - $36 + 47 = ?$
- Hanapin din ang tamang sagot gamit ang pamaraang ipinakita sa itaas.
- Paghambingin ang sagot sa A at B. Ano ang masasabi mo? Ipaliwanag kung bakit.

## Pagsasanay 2

Sagutan.

$$\begin{array}{r} \text{a) } + \quad 2 \quad 8 \\ \quad \quad 2 \quad 5 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} \text{b) } + \quad 3 \quad 5 \\ \quad \quad 1 \quad 7 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} \text{c) } + \quad 3 \quad 8 \\ \quad \quad 4 \quad 3 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} \text{d) } + \quad 4 \quad 8 \\ \quad \quad 2 \quad 7 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} \text{e) } + \quad 8 \quad 5 \\ \quad \quad \quad 7 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} \text{f) } + \quad 7 \quad 7 \\ \quad \quad \quad 4 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} \text{g) } + \quad 6 \quad 8 \\ \quad \quad \quad 5 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} \text{h) } + \quad 4 \quad 5 \\ \quad \quad 2 \quad 6 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} \text{i) } + \quad 6 \quad 9 \\ \quad \quad \quad 8 \\ \hline \end{array}$$

### Pagsasanay 3

Sagutan ang bawat suliranin.


- a) May 19 na goma si Tony.  
14 naman ang goma ni Roy.  
Ilan lahat ang goma nila?
  
- b) Si Connie ay may 18 manikang papel.  
May 16 namang manikang papel si  
Cynthia.  
Ilan lahat ang manikang papel nila?
  
- c) May 24 na **popsicle stick** si Ludy.  
May 28 namang **popsicle stick** si Trina.  
Ilang lahat ang **popsicle stick**?
  
- d) Si Tracy ay may 38 na card.  
Si Kara ay may 14 na card.  
Ilang lahat ang card nila?



## Gawaing-bahay

- A. May \_\_\_\_\_ na kahel sa supot.  
Dinagdagan ito ni Tony ng \_\_\_\_\_ kahel.  
Ilan na ang kahel ni Tony ngayon?

Sagutan gamit ang iba't ibang pamaraan.



- B. Si Mira ay may 34 na patpat.  
Kumuha pa siya ng 19 na patpat.  
Inilagay niya ang mga ito sa kahon.  
Ilang lahat ang patpat niya?

Sagutan gamit ang iba't ibang pamaraan.

# Pagsasama-Sama ng Tatlo na Isahang Bilang na may Kabuuan Hanggang 18, sa Pamamagitan ng Isip Lamang

## Pampasiglang Gawain



Sina Malou, Mira, at Mary ay nagpunta sa bookstore.

Bumili si Malou ng 3 asul na kahon.

Bumili si Mira ng 7 pulang kahon.

Bumili si Mary ng 5 dilaw na kahon.

Ilan lahat ang binili nilang kahon?

Paglutas 1:

$$(3 + 7) + 5 = 10 + 5 \text{ or } 3 + (7 + 5) = 3 + 12 \text{ or } = 15$$

$$(3 + 5) + 7 = 8 + 7 = 15$$

Kaya, 15 kahon ang binili ng tatlong babae

Paglutas 2:

$$\begin{array}{r} + \quad 3 \\ \quad 7 \\ \hline 5 \end{array} \begin{array}{r} > 10 \\ \quad 5 \\ \hline 15 \end{array} \quad \begin{array}{r} + \quad 3 \\ \quad 7 \\ \hline 5 \end{array} \begin{array}{r} > 3 \\ \quad 12 \\ \hline 15 \end{array} \quad \begin{array}{r} + \quad 3 \\ \quad 5 \\ \hline 7 \end{array} \begin{array}{r} > 8 \\ \quad 7 \\ \hline 15 \end{array}$$

kaya, 15 kahon ang binili ng tatlong babae

Sa pagkuha ng kabuuan ng 3, 7, at 5 sa pamamagitan ng isip lamang, kuhanin muna ang sagot sa 3 at 7 pagkatapos ay idagdag sa kabuuan nito ang 5. Kaya may,

$$3 + 7 = 10$$

$$10 + 5 = 15$$

Sa pagsasama-sama ng 3 na isahang bilang sa pamamagitan ng isip lamang, tingnan ang 2 **addends** na ang kabuuan ay 10 at pagkatapos ay idagdag ito sa natitirang **addend**. Kung walang **addends** na may 10 ang kabuuan, kuhanin ang kabuuan ng kahit alin sa 2 **addends**. Pagkatapos, idagdag ang kabuuang ito sa natitirang **addend**.

## Pagsasanay 1

Isulat ang pagdaragdag na pangungusap at isipin ang kabuuan. Ipaliwanag kung paano mo nakuha ang sagot.

a.  $\left\{ \begin{array}{cc} \star & \star \\ \star & \star \end{array} \right\} + \left\{ \begin{array}{ccc} \star & \star & \star \\ \star & \star & \star \end{array} \right\} + \left\{ \begin{array}{cc} \star & \star \\ \star & \star \end{array} \right\}$   
 $\underline{\hspace{1cm}} + \underline{\hspace{1cm}} + \underline{\hspace{1cm}} = \underline{\hspace{1cm}}$

b.  $\left\{ \begin{array}{ccc} \triangle & \triangle & \triangle \\ & \triangle & \triangle \\ \triangle & \triangle & \end{array} \right\} + \left\{ \begin{array}{cc} \triangle & \triangle \\ & \triangle \\ \triangle & \triangle \end{array} \right\} + \left\{ \begin{array}{cc} \triangle & \triangle \\ & \triangle \\ \triangle & \triangle \end{array} \right\}$   
 $\underline{\hspace{1cm}} + \underline{\hspace{1cm}} + \underline{\hspace{1cm}} = \underline{\hspace{1cm}}$

c.  $\left\{ \begin{array}{ccc} \oplus & \oplus & \\ \oplus & \oplus & \oplus \\ \oplus & & \oplus \end{array} \right\} + \left\{ \begin{array}{ccc} \oplus & \oplus & \\ \oplus & \oplus & \\ \oplus & & \oplus \end{array} \right\} + \left\{ \begin{array}{ccc} \oplus & \oplus & \\ \oplus & \oplus & \oplus \\ \oplus & & \oplus \end{array} \right\}$   
 $\underline{\hspace{1cm}} + \underline{\hspace{1cm}} + \underline{\hspace{1cm}} = \underline{\hspace{1cm}}$

d.  $\left\{ \begin{array}{ccc} \lightning & \lightning & \lightning \\ \lightning & \lightning & \lightning \end{array} \right\} + \left\{ \begin{array}{cc} \lightning & \lightning \\ \lightning & \lightning \\ \lightning & \lightning \end{array} \right\} + \left\{ \begin{array}{ccc} \lightning & \lightning & \lightning \\ \lightning & \lightning & \lightning \end{array} \right\}$   
 $\underline{\hspace{1cm}} + \underline{\hspace{1cm}} + \underline{\hspace{1cm}} = \underline{\hspace{1cm}}$

e.  $\left\{ \begin{array}{cc} \heartsuit & \heartsuit \\ \heartsuit & \heartsuit \\ \heartsuit & \heartsuit \end{array} \right\} + \left\{ \begin{array}{ccc} \heartsuit & & \heartsuit \\ & \heartsuit & \\ \heartsuit & & \heartsuit \end{array} \right\} + \left\{ \begin{array}{cc} \heartsuit & \heartsuit \\ \heartsuit & \heartsuit \\ \heartsuit & \heartsuit \end{array} \right\}$   
 $\underline{\hspace{1cm}} + \underline{\hspace{1cm}} + \underline{\hspace{1cm}} = \underline{\hspace{1cm}}$

## Pagsasanay 2

Isipin ang sagot. Ipaliwanag kung paano mo nakuha ang kabuuang sagot.

$$\begin{array}{r} 9 \\ 6 \\ + 2 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 7 \\ 4 \\ + 3 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 8 \\ 4 \\ + 5 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 5 \\ 6 \\ + 3 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 8 \\ 3 \\ + 5 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 7 \\ 5 \\ + 3 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 6 \\ 6 \\ + 4 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 8 \\ 6 \\ + 4 \\ \hline \end{array}$$

$$\begin{array}{r} 9 \\ 3 \\ + 4 \\ \hline \end{array}$$

### Pagsasanay 3

Isipin at sagutan. Ipaliwanag kung paano mo nakuha ang sagot.

1.

$$5 + 4 + 6 = \square$$

2.

$$8 + 4 + 3 = \square$$

3.

$$6 + 4 + 8 = \square$$

4.

$$4 + 4 + 3 = \square$$

5.

$$5 + 3 + 2 = \square$$

6.

$$9 + 2 + 5 = \square$$

7.

$$\begin{array}{r} 9 \\ 4 \\ + 2 \\ \hline \end{array}$$

8.

$$\begin{array}{r} 7 \\ 5 \\ + 4 \\ \hline \end{array}$$

9.

$$\begin{array}{r} 7 \\ 3 \\ + 8 \\ \hline \end{array}$$

10.

$$\begin{array}{r} 7 \\ 5 \\ + 6 \\ \hline \end{array}$$

11.

$$\begin{array}{r} 8 \\ 3 \\ + 5 \\ \hline \end{array}$$

12.

$$\begin{array}{r} 7 \\ 6 \\ + 4 \\ \hline \end{array}$$

## Gawaing-bahay

Pag-isipan ang sagot sa bawat suliranin. Ipakita kung paano nakuha ang sagot.

- a. Si Tin-tin ay may 9 na krayola.  
Si Tracy ay nagdagdag ng 5 pa.  
Si Tom ay nagbigay ng 3 pa.  
Ilan lahat ang krayola ni Tin-Tin?  
Kabuuang bilang ng krayola: \_\_\_\_\_
- b. Pumitas ng 8 dilaw na Santan si Corina.  
Pumitas ng 6 na rosas na Santan si Trina.  
Pumitas naman ng 5 pulang Santan si Toni.  
Inilagay nila sa basket ang mga bulaklak.  
Ilan lahat ang bulaklak sa basket?  
Kabuuang bilang ng bulaklak: \_\_\_\_\_
- c. May 8 holen si Billy.  
Nagbigay ng 5 pang holen si Tim kay Billy.  
Nagdagdag pa ng 3 si Jose.  
Ilan lahat ang holen ni Billy?  
Kabuuang bilang ng holen: \_\_\_\_\_
- d. Nakapulot ng 2 kabibi si Luis.  
Nakapulot ng 9 na kabibi si Ben.  
Nakapulot ng 5 kabibi si Rico.  
Ilan lahat ang kabibi na napulot ng tatlo?  
Kabuuang bilang ng Kabibi: \_\_\_\_\_
- e. Bumili si Cathy ng 8 pandesal.  
Bumili si Luz ng 7 pandesal.  
Bumili si Rey ng 3 pandesal.  
Ilan lahat ang pandesal na binili ng tatlong bata?  
Kabuuang bilang ng pandesal: \_\_\_\_\_

# Pagsasama-Sama ng 2 at Isahang Bilang ng may Pagpapangkat sa Pamamagitan ng Isip Lamang

## Pampasiglang Gawain



Magkaibigan sina Tom at Totoy.  
Nag-iipon sila ng **stickers**.  
Si Tom ay may 18 **stickers**.  
Binigyan siya ni Totoy ng 9 pang **stickers**.  
Ilan lahat ang **stickers** ni Tom?

Paglutas:

$$\begin{array}{r} 1 \\ 18 \\ + 9 \\ \hline 27 \end{array}$$



kaya, may 27 **stickers** si Tom.

Sa pagsasama ng  $18+9$  sa pamamagitan ng isip lamang, ginagamit natin ang sumusunod na kaisipan:

Sa pagsasama-sama ng dalawa at isahang bilang na may pagpapangkat sa pamamagitan ng isip lamang, isulat muna ang **expanded form** o mahabang pamamaraan ng pagdaragdag ng dalawang bilang. Pagkatapos ay pagsamahin ang 3 bilang sa pamamagitan ng isip lamang.

$$\begin{array}{l} \text{Kaya,} \quad 18 + 9 \qquad = (10 + 8) + 9 \\ \qquad \quad (10 + 8) + 9 \quad = 10 + 17 \\ \qquad \qquad \qquad \qquad = 27 \end{array}$$

## Pagsasanay 1

Bilugan ang tamang sagot.

a.

$$\begin{array}{r} 27 \\ + 5 \\ \hline \end{array}$$

32    33    34    35

b.

$$\begin{array}{r} 38 \\ + 4 \\ \hline \end{array}$$

42    43    44    45

c.

$$\begin{array}{r} 29 \\ + 5 \\ \hline \end{array}$$

32    33    34    35

d.

$$\begin{array}{r} 18 \\ + 5 \\ \hline \end{array}$$

22    23    24    25

e.

$$\begin{array}{r} 19 \\ + 8 \\ \hline \end{array}$$

27    26    25    24

f.

$$\begin{array}{r} 45 \\ + 6 \\ \hline \end{array}$$

39    51    54    55

## Pagsasanay 2

Isipin ang kabuuang sagot.

a.

$$\begin{array}{r} 25 \\ + 9 \\ \hline \end{array}$$

b.

$$\begin{array}{r} 15 \\ + 8 \\ \hline \end{array}$$

c.

$$\begin{array}{r} 35 \\ + 6 \\ \hline \end{array}$$

d.

$$\begin{array}{r} 23 \\ + 8 \\ \hline \end{array}$$

e.

$$\begin{array}{r} 24 \\ + 7 \\ \hline \end{array}$$

f.

$$\begin{array}{r} 28 \\ + 6 \\ \hline \end{array}$$

g.

$$\begin{array}{r} 45 \\ + 8 \\ \hline \end{array}$$

h.

$$\begin{array}{r} 35 \\ + 7 \\ \hline \end{array}$$

i.

$$\begin{array}{r} 28 \\ + 8 \\ \hline \end{array}$$

j.

$$\begin{array}{r} 38 \\ + 5 \\ \hline \end{array}$$

k.

$$\begin{array}{r} 35 \\ + 6 \\ \hline \end{array}$$

l.

$$\begin{array}{r} 42 \\ + 9 \\ \hline \end{array}$$

## Gawaing-bahay

Lutasin ang bawat suliranin.

1.

May 17 kalapati at 9 na loro. Ilan lahat ang mga ibon?

2.

May 25 batang lalaki at 8 batang babae. Ilan lahat ang mga bata?

3.

May 26 na inahing manok at 9 na tandang. Ilan lahat ang manok?

4.

May 19 na pula at 5 asul na lobo. Ilan lahat ang lobo?

5.

May 19 na puting Rosas si Ana at may 6 na pulang Rosas si Maria. Ilan lahat ang mga Rosas?

6.

Sa Paaralang Elementarya ng Rizal ay may 28 lalaking guro at 9 na babaeng guro sa Baitang 1. Ilan lahat ang guro sa Baitang 1?

7.

Bumili ng kendi si Jane para sa pagdiriwang ng kaniyang kaarawan. May 36 na tsokolateng kendi at 9 na mint na kendi. Ilan lahat ang kendi ni Jane?

8.

May 15 bayabas at 8 mangga. Ilan lahat ang mga prutas?

# Paglutas sa Isang-Hakbang na Pasalitang Suliranin Gamit ang Pagdaragdag ng Buong Bilang at Pera

## Pampasiglang Gawain



Inimbita ni Cathy ang kaniyang mga kaibigan para sa kaniyang ika-7 kaarawan.

Naghanda si nanay ng **sandwiches, spaghetti**, at pritong manok.

May 18 lalaki at 15 babae na dumalo sa pagdiriwang.

Ilan lahat ang bilang ng mga bata na dumalo sa pagdiriwang?

Sa paglutas ng suliranin hanapin ang sumusunod:

1. Ano ang ibinibigay na impormasyon?  
Ang mga impormasyon: 18 lalaki at 15 babae ang dumalo sa pagdiriwang.
2. Ano ang itinatanong?  
Itinatanong sa suliranin ang kabuuang bilang ng mga bata na dumalo sa pagdiriwang.

3. Paano natin ipakikita ang pamilang na pangungusap ng suliranin?

Ipinakikilala natin ang pamilang na pangungusap ng suliranin:

Kabuuang Bilang ng Bata =  $18 + 15$

At sagutan ang pamilang na pangungusap.

$$\begin{array}{r} 18 \\ + 15 \\ \hline 33 \end{array}$$

Kaya ang kabuuang bilang ng mga bata na dumalo sa pagdiriwang ay 33.

Tandaan: Sa paglutas ng suliranin, sundin ang sumusunod na paraan:

Hakbang 1: Basahin at unawaing mabuti ang suliranin.

- Alamin ang ibinibigay na impormasyon at kung ano ang tinatanong.

Hakbang 2: Planuhin ang pamaraan sa paglutas ng suliranin.

- Ipakita ang suliranin sa pamamagitan ng drawing kung kailangan, pagkatapos ay pamilang na pangungusap.

Hakbang 3: Isagawa ang plano. Sagutan ang pamilang na pangungusap.

Hakbang 4: Alamin at tiyakin kung tama ang sagot.

## Pagsasanay 1

Buuin ang tsart. Nasagutan na ang unang bilang para sa iyo.

Kuwentong Suliranin	Ano ang tinata-nong:	Impor-masyon:	Pagdarag-dag na Pangungu-sap
<p>May 4 na pusa si Pat. May 6 na tuta si Pilar. Ilan lahat ang alagang hayop nina Pat at Pilar?</p>	<p>Kabuuan g bilang ng pusa at tuta</p>	<p>4 pusa 6 tuta</p>	<p>Kabuuan g bilang ng alagang hayop = <math>4 + 6</math></p>
<p>Kumain si Sid ng 12 <b>jelly</b> biskuwit. Kumain din si Pit ng 9. Ilan lahat ang <b>jelly</b> biskuwit na kanilang kinain?</p>			
<p>Lumukso si Sam nang 10 beses. Lumukso naman si Tina nang 8 beses. Ilang beses lahat ang ginawa nilang paglukso?</p>			

Kuwentong Suliranin	Ano ang tinata-nong:	Impor-masyon:	Pagdarag-dag na Pangungu-sap
<p>May 26 na piso si Cora. Binigyan siya ng nanay ng 5 piso pa. Magkano lahat ang pera ni Cora?</p>			
<p>Si Pedro ay may 22 piraso ng dahon. Si Tin-Tin ay may 3 piraso. Ilan lahat ang dahon kapag pinagsama?</p>			
<p>Nagbayad si Cindy ng 11 piso para sa <b>art</b> na papel. Nagbayad rin siya ng 5 piso para sa <b>felt</b> na papel. Magkano lahat ang ibinayad ni Cindy?</p>			



## Pagsasanay 2

Basahin ang bawat suliranin at sagutan ang mga tanong.

Nagpunta sa parke sina Thomas at Peter.  
Nakakita sila ng 10 babae at 9 na lalaki.  
Ilan lahat ang batang nakita nila?

1. Anong impormasyon ang ibinigay na?
2. Ano ang itinatanong sa suliranin?
3. Ano ang pamilang na pangungusap?
4. Anong pamaraan ang gagamitin?
5. Ano ang sagot?

Nagbayad ng 12 piso si Terry para sa kahel.  
Nagbayad naman si Cindy ng 15 piso para sa bayabas.  
Magkano lahat ang ibinayad nila?

1. Ano ang impormasyong ibinigay na?
2. Ano ang tinatanong sa suliranin?
3. Ano ang pamilyang na pangungusap?
4. Paano mo lulutasin ang suliranin?
5. Ano ang sagot?

### **Pagsasanay 3**



Lutasin ang bawat suliranin.



1. Gumamit ang nanay ng 12 itlog sa pagluluto ng **cupcake**.  
Gumamit rin siya ng 24 na itlog sa pagluluto ng **leche flan**.  
Ilang itlog lahat ang ginamit ng nanay?
2. May 11 kandila si Mina.  
May 24 na kandila si Bert.  
Ilan lahat ang kandila nila?


3. Kumita si Toti ng 25 piso sa pagtitinda ng pandesal noong Lunes .  
Kumita ulit siya ng 20 piso noong Martes.  
Magkano lahat ang kinita niya noong Lunes at Martes?
  
4. Si Betty ay may 45 piso.  
Binigyan siya ng tatay niya ng 40 piso.  
Magkano lahat ang pera ni Betty?


**Gawaing -bahay:**

Lutasin ang suliranin sa iba't ibang pamaraan.

Bumili si Nicky ng \_\_\_\_ na gayat ng   
 para sa kaniyang mga kaibigan.

Bumili si nanay ng \_\_\_\_ na gayat ng   
.

Inilagay nilang lahat ang gayat ng  sa isang bag na papel.

Ilan lahat ang gayat  ng **cake**?